

**Pansinin ang kakaibang pagbabago sa inyong mga anak**

# Pigilan natin ang pambu-bully



**Kamakailan ay malimit ang mga balita tungkol sa “pambu-bully”. Ito ay isang malaking problema at kailangan tayong kumilos para ma-protektahan ang mga**

Noong nakalipas na Disyembre ay isang regulasyon ang ginawa ng Fujimi-shi upang mapigilan ang pambu-bully. Ang mga residente ay nagkakaisa sa pagsuporta ng anti-bullying para maprotektahan ang mga bata sa buong bayan. Isa din sa mga sumusuporta sa aksyong ito ang FICEC. Subalit, ang mga kaso ng pambu-bully ay patuloy pa ding dumadami sa iba’t ibang parte ng bansa. Ang bullying ay umuusbong at nagkakaroon ng punla saanman, hindi lang sa mga paaralan. Mahalagang nagmamasid at maging alerto para masugpo ang bullying para sa kinabukasan ng mga bata.

**<Mga halimbawa ng pambu-bully>**

- Panlilibak, pagbabansag, paninira, pananakot, pangit at nakakasakit na pananalita
- Sadyang pag-iiwas o hindi pamamansin, pagkuha ng pera o bagay
- Pamamalo at paninipa na nagkukunwaring paglalaro o pagbibiro
- Pamimilit sa paggawa ng di kanais-nais, kahiya-hiya o para mapahamak
- Pagsusulat ng gawa-gawang kuwento at paninira gamit sa PC o cell phone.

**Kung kayo ay nag-aalala sa kakaibang mga kilos ng inyong anak kagaya ng mga sumusunod sa ibaba, magsadya at magkonsulta sa eskuwelahan**

**<Tingnan ang mga nasa listahan para malaman kung may pambu-bully>**

- Sa umaga ay natatagalang gumising
- Hindi maipaliwanag na dumi o pagkapunit ng dami o pagkawala ng butones
- Ayaw magpaliwanag kung bakit may pasa o sugat
- Palaging lumalabas ng maaga kesa dati sa umaga, o malimit lumabas sa gabi
- May mga nakasulat o nakaguhit sa gamit
- Nagiging magastos na dati rati ay hindi
- Nawawala ang mga gamit sa eskuwela

- May mga gamit na hindi naman ninyo binili para sa kanya
- Ayaw sagutin ang tawag sa telepono
- Ayaw pag-usapan ang tungkol sa paaralan
- Nasisira ang mga gamit o bisekleta
- Pinupunit ang mga sulat mula sa paaralan
- Palaging nag-iisa
- Walang ganang kumain
- Madalas tinitingnan ang mail sa cell phone
- Hindi nakikipag-usap sa kapamilya

**<Kausapin ang mga bata at magtulungan para mapatigil ang pambu-bully>**

Kung sa palagay ninyo ay nabu-bully ang inyong anak, sa paaralan man o sa labas, kailangang bigyan ninyo ng pangangalaga. Makipag-ugnayan sa paaralan o sa kinauukulan at gumawa ng hakbang upang masugpo ang pambu-bully. Bigyan ng oras at palaging kausapin ang inyong anak upang malaman at matulungan sa kanyang mga problema.

**Konsultasyon sa paghahanap ng trabaho sa Hello Work (local job-placement office) sa**

Ang Hello Work ng Fujimino-shi ay nasa 2<sup>nd</sup> floor ng Fujimino municipal office, maliban pa sa Hello Work ng Fujimi-shi sa Sun-light Hall sa Tsuruse Station (west exit). Malaking tulong ito sa mga residenteng nakatira sa Fujimino-shi para makahanap ng trabaho. Sa Hello Work, tutulungan kayo ng mga staff upang makahanap ng trabaho.

Maaaring gamitin ang five touch-panel PCs para makita ang mga trabahong maaring aplayan .

Ang Fujimino-shi Hello Work ay 10-minutong lakad mula Kami-fukuoka Station (east exit).

- Bukas: Lunes~Biyernes, 9:00 a.m to 5:00 p.m.
- Saan: 2F ng Fujimino municipal office
- Telepono: 049-242-0197



**Pagkakaroon ng problema sa pag-aayos ng apartment na inuupahan bago umalis**



Kung uupa kayo ng apartment, kailangang magbayad ng deposito. Gagamitin ito pag umalis na kayo, sa pag-aayos at paglilinis o para sa hindi nabayaranang upa. Kapag may sobra, ito ay ibabalik din sa inyo.

Dapat ibalik sa dating anyo o kondisyon ang apartment kapag aalis na. Kung may inayos o pinalitan dahil sa karaniwang paggamit (kuping sa carpet, pag-iiba ng kulay, pagpalit ng susi at iba pa) ang nagpapa-upa ang magbabayad. Subalit kamakailan, may mga kaso ng pagsisingil na maliban pa sa depositong binayaran.

Kung may hindi maunawaang mga pagsisingil sa inyong pag-alis, tumawag sa 188, walang area code (customer's hot line). Irerekomenda kayo sa inyong local Customer Center.

**Bagong iskedyul ng Konsultasyon at pagpapayo para sa mga dayuhang residente**

**Araw ng konsultasyon para sa mga dayuhang residente sa Fujimi Municipal Office ay magiging mula 1:00 ~ 4:00p.m. tuwing Huwebes**



Ang konsultasyon para sa mga dayuhang residente ng FICEC ay isa sa mga mahahalagang gawain at ang patuloy na pagtanggap ng mga konsultasyon simula ng magbukas ang FICEC ay umabot na ng 20 taon.

Gayundin ang pagbubukas ng konsultasyon sa Fujimi Municipal Office tuwing Miyerkules mula 9:00am~12:00pm. ay malaking tulong para sa mga dayuhang residente.

Subalit napag-alaman ayon sa karamihang pumupunta na mas naayon sa kanila ang pagpunta sa hapon, kung kaya't inilipat ang araw at oras ng konsultasyon sa hapon simula sa Abril.

**◆◆ Bukas mula 1:00 ~ 4:00 p.m. tuwing Huwebes sa Fujimi Municipal Office ◆◆**

Ang konsultasyon para sa mga dayuhan sa tanggapan ng FICEC ay bukas mula 10:00a.m ~ 4:00p.m mula Lunes hanggang Biyernes, gaya ng dati.

Ang mga usapin sa pamilya, kalusugan, edukasyon ng mga bata, trabaho o kahit anong alalahanin ay maaaring isangguni dito.

Ang konsultasyon ay libre. **Tel. 049-269-6450**